


Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 3: Mga Mahahalagang Kaganapan sa Panahon ng Himagsikang Pilipino



Araling Panlipunan – Baitang 6
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 3: Mga Mahahalagang Kaganapan sa Panahon ng
Himagsikang Pilipino
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Mitzel M. Alvaran	
Editor:	Marife E. Cajutol, Jewelyn Q. Cadigal, Blas P. Tabayag, Jr.	
Tagasuri:	Blas P. Tabayag, Jr., Mary Helen M. Bocol, Junry M. Esparar	
Tagaguhit:	Krisha Marie T. Paltu-ob, Roland B. Tarrazona	
Tagalapat:	Jewelyn Q. Cadigal	
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma	Josilyn S. Solana
	Portia M. Mallorca	Peter J. Galimba
	Elena P. Gonzaga	Donald T. Genine
	Jerry A. Oquendo	Junry M. Esparar
	Mary Helen M. Bocol	Blas P. Tabayag, Jr.

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VI

Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816, (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

**Unang Markahan – Modyul 3:
Mga Mahahalagang Kaganapan sa
Panahon ng Himagsikang Pilipino**

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan Baitang 6** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Mga Mahahalagang Kaganapan sa Panahon ng Himagsikang Pilipino!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan Baitang 6** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Mga Mahahalagang Kaganapan sa Panahon ng Himagsikang Pilipino!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay Gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para sa ikauunlad ng iyong kaalaman. Tatalakayin dito ang pagnanais ng mga Pilipino na makalaya sa pananakop ng Español. Alam mo ba ang mga kaganapan na humantong sa pag-aalsa ng mga katipunero? Sa modyul na ito malalaman mo ang mga pangyayari na nagpasimula ng rebolusyong Pilipino laban sa mga Español.

Ang modyul na ito ay nahahati sa tatlong bahagi:

- Aralin 1 - Sigaw sa Pugad Lawin
- Aralin 2 - Kumbensiyon sa Tejeros
- Aralin 3 - Kasunduan sa Biak-na-Bato

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, maaari mo nang magawa ang sumusunod:

1. matutukoy ang mga pangyayaring nagpa-siklab sa damdaming paghihimagsik ng mga Pilipino;
2. matutukoy ang mga makaysayang lugar at kaganapan tulad ng Sigaw sa Pugad Lawin, Kumbensiyon sa Tejeros, at Kasunduan sa Biak-na-Bato;
3. maipaliliwanag ang mga pangyayari sa pagsisimula ng himagsikan laban sa kolonyalismong Español;
4. masusuri ang **timeline** ng himagsikang 1896;
5. maisasalaysay ang naging makasaysayang kaganapan sa Tejeros Kumbensiyon;
6. maipaliliwanag ang kadahilanan ng pag-aalsa ng mga katipunero;
7. mahihinuha ang implikasyon ng kawalan ng pagkakaisa sa himagsikan; at
8. mabibigyang kahulugan ang itinadhana ng Kasunduan sa Biak-na-Bato.



Subukin

Panuto: Suriin at unawain ng mabuti ang bawat katanungan at pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Kasama sa walong lalawigan na nag-alsa noong panahon ng himagsikan ang Cavite, Laguna, Maynila, Bulacan, Tarlac, Nueva Ecija, Pampanga, at _____.
A. Romblon
B. Quezon
C. Batangas
D. Mindoro Oriental
2. Ang kawalang pagkakaisa ng mga lider sa himagsikan ay nagdulot ng _____.
A. katiwalian
B. tagumpay
C. kapangyarihan
D. kabiguan

3. Isa sa mga probisyon sa Kasunduan sa Biak-na-Bato ay _____.
 - A. pagtigil ng mga rebolusyonaryo sa labanan
 - B. pilipino ang mamumuno sa bansa
 - C. maging malaya na ang Pilipino
 - D. pagtatapos ng pamamahala ng Español sa Pilipinas
4. Sa Kumbensiyon sa Tejeros naihalal si Andres Bonifacio bilang _____.
 - A. pangulo
 - B. kapitan-heneral
 - C. direktor ng interior
 - D. direktor ng digmaan
5. Nahatulang mamatay si Andres at Procopio Bonifacio sa kasalanang _____.
 - A. pagtataksil sa bayan
 - B. pagkampi sa Español
 - C. pandaraya sa eleksiyon
 - D. pagpapabaya sa tungkulin
6. Ang Kasunduan sa Biak-na-Bato ay nagsasaad na ang mga Pilipinong nakipaglaban sa Español ay _____.
 - A. papatawan ng parusa
 - B. patatawarin sa kasalanan
 - C. paaalisin lahat sa Pilipinas
 - D. pagtatrabahuhin sa tanggapan
7. Layunin ng Kasunduan sa Biak-na-Bato na _____.
 - A. itigil ang labanan para sa katahimikan ng bansa
 - B. ibigay na ang kalayaang hinihingi ng Pilipinas
 - C. itago sa lahat ang mga anomalya sa pamahalaan
 - D. ituloy ang labanan kahit may kasunduan
8. Kinikilalang Utak ng Himagsikan si _____.
 - A. Jose Rizal
 - B. Emilio Aguinaldo
 - C. Pio Valenzuela
 - D. Emilio Jacinto
9. Kinikilalang Ama ng Himagsikan si _____.
 - A. Emilio Jacinto
 - B. Andres Bonifacio
 - C. Emilio Aguinaldo
 - D. Apolinario Mabini
10. Sino ang tumutol na bigyan ng puwesto si Andres Bonifacio sa Pamahalaang Rebolusyonaryo?
 - A. Candido Tirona
 - B. Daniel Tirona
 - C. Mariano Trias
 - D. Emilio Aguinaldo

Aralin

1

Sigaw sa Pugad Lawin

Alam mo ba ang mga kaganapan na nangyari na humantong sa pag-aalsa ng mga katipunero? Sa modyul na ito malalaman mo ang mga pangyayari na nagpasimula ng himagsikan laban sa mga Español upang makamit ang kalayaan.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang iyong:

1. masusuri ang mga pangyayari sa paglaganap ng rebolusyon;
2. matutukoy ang mga mahahalagang tao na may malaking kontribusyon sa himagsikan;
3. masusuri ang timeline ng Himagsikang 1896; at
4. maipaliliwanag ang makasaysayang kaganapan sa Sigaw sa Pugad Lawin.



Balikan

Panuto: Ipaliwanag ang sumusunod na tanong at isulat sa sagutang papel.

1. Kailan at saan itinatag ang “Kataas-taasang, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan o KKK”?
2. Bakit itinatag ang KKK?
3. Sino ang nagtatag ng KKK?
4. Ano ang pangunahing layunin ng samahan?
5. Paano na nabunyag ang KKK?



Tuklasin

Timeline ng Himagsikang 1896

Hulyo 7, 1892	Itinatag ang Kataas-taasan Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan
Agosto, 1896	Pambansang Paghihimagsik ng mga Pilipino
Agosto 19, 1896	Dinakip ng mga guwardiya sibil ang maraming Pilipino na hinihinalang katipunero. Dito na natuklasan ang KKK.
Agosto 23, 1896	Ang pagpunit ng sedula ng mga katipunero, ang pagsiklab ng himagsikan.
Agosto 23, 1896	Sumang-ayon ang lahat kay Bonifacio at Jacinto na magkaroon ng himagsikan.

Agosto 25, 1896	Nagpalabas ng manipesto si Bonifacio na gumayak sa mamayan na simulan ang himagsikan.
Agosto 29, 1896	Unang malaking labanan sa San Juan del Monte sa pagitan ng Pilipino at Español.

Panuto: Lagyan ng bilang 1-5 ang sumusunod na pangyayari ayun sa tamang pagkasunod-sunod nito. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Sumang-ayon ang lahat kay Bonifacio at Jacinto na magkaroon ng himagsikan.
2. Unang malaking laban sa San Juan del Monte sa pagitan ng Español at Pilipino.
3. Dinakip ng mga guwardiya sibil ang maraming Pilipino na hinihinalang katipunero.
4. Ang pagpunit ng sedula ng mga katipunero na naging hudyat sa pagsiklab ng himagsikan.
5. Itinatag ang Kataas-taasang Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan.



Suriin

Itinatag ni Andres Bonifacio ang isang lihim na samahang KKK, Kataastasang Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan o Katipunan noong, 7 Hulyo 1892 sa isang bahay sa 72 Kalye Azcarraga (Claro M. Recto ngayon), kasama sina Valentin Diaz, Teodoro Plata, Ladislao Diwa, Deodato Arellano, at Jose Dizon. Pangunahing layunin ng samahan na mapagsama-sama ang lahat ng mga Pilipino at makipaglaban sa mga Español upang makamit ang kalayaan. Naniniwala ang samahan na matugunan ang layunin na ito sa malinis na pag-iisip at kagandahang asal. Naniniwala ang samahan na maisasagawa ito sa pamamagitan ng pagkakaisa ng lahat ng mga Pilipino sa ilalim ng matibay na hukbo at paglaban para sa kalayaan.

Sa simula, lalaki lamang ang mga kasapi ng Katipunan. Dala sa paghihinala ng kanilang mga asawa sa kanilang pag-alis-alis kung gabi, nababawasan ang kanilang sahod, napilitan silang itatag ang isang samahan para lamang sa mga asawa, kapatid, at anak ng mga katipunero.

Kabilang dito sina Gregoria de Jesus, ang kaniyang ni Andres Bonifacio na tinaguriang Lakambini ng Katipunan. Malaking tulong ang nagawa ng mga babaeng katipunero, sila ang nagtatago ng mga mahalagang lihim na dokumento ng Katipunan. Kung may pagpupulong ang mga katipunero, ang kababaihan ay nagsasayawan, nagkakakantahan, at nagpasaya upang hindi mahalata ng mga guardiya sibil at isipin lamang na ang mga ito ay nagdiriwang.

Dahil sa mga patagong pagpupulong at pag-iwas sa mga Español, ang mga katipunero ay tumutungo sa bahay ni Melchora Aquino, tinaguriang si “Tandang Sora,” “Ina ng Balintawak,” “Ina ng Katipunan” at tinawag din siya na “Ina ng Rebolusyon.” Hanggang sa sumiklab ang himagsikan, siya ang nanggagamot sa mga sugatang Katipunero.

Gabi ng 19 Agosto 1896, habang abala ang mga katipunero sa paghahanda ng rebolusyon, isiniwalat ni Teodoro Patiño, isang katipunero, kay Padre Mariano Gil ang lihim ng Katipunan. Nagawa niya iyon dahil sa payo ng isang madre at kapatid niyang nakatira sa tahanan ng mga ulila sa Mandaluyong. Itinuro ni Patiño ang mga imprenta ng mga katipunero. Natuklasan dito ang ilang polyeto at dokumento ng Katipunan. Hinuli at ikinulong sa Fort Santiago ang mga pinaghihinalaang Pilipino na kasapi ng Katipunan.

Ang pagkatuklas ng Katipunan ay nagbunsod kay Bonifacio na tumawag ng pulong sa Balintawak, Caloocan kasama sina Jacinto, Procopio Bonifacio, at iba pang katipunero. Nagkita-kita ang mga Katipunero sa Pugad Lawin noong 23 Agosto 1896, matapos na matuklasan ng mga Español ang Katipunan. Nagkasundo silang simulan na ang himagsikan. Pagkatapos, sabay nilang inilabas ang kanilang mga sedula at pinunit ito. Sabay-sabay silang sumigaw ng “Mabuhay ang Pilipinas!” Kinilala ito sa kasaysayan ng ating bansa na Sigaw sa Pugad Lawin.

Ang Sigaw sa Pugad Lawin ay nagsimula ng maalab na labanan sa pagitan ng mga Español at mga Pilipino sa ilalim ng pamumuno ni Andres Bonifacio, ang Ama ng Katipunan. Ang kaniyang tagapayo ay si Emilio Jacinto, ang tinaguriang Utak ng Katipunan at siya rin ang patnugot ng Kalayaan, ang pahayagan ng Katipunan.



Lagablab ng Himagsikan

Pagkatapos ng makasaysayang pagpunit ng kanilang mga sedula, noong 23 Agosto 1896, sabay ding sumang-ayon ang lahat kay Bonifacio at Jacinto na magkakaroon ng himagsikan. Nagpalabas ng manipesto si Bonifacio na gumayak sa mamamayan na simulan ang himagsikan noong 25 Agosto 1896. May dinakip ang mga Español na mga pinaghihinalaang katipunero at ikinulong sila sa Fort Santiago pagkatapos matuklasan ang Katipunan noong 19 Agosto 1896.

Ang unang sagupaan ng mga magkalabang tropa ng mga Español at Katipunan ay nangyari sa San Juan Del Monte noong Agosto 29, 1896. Pinamunuan ang mga katipunero nina Bonifacio at Jacinto. Ngunit napilitang umatras ang mga katipunero nang dumating ang mga dagdag na kawal ng mga Español. Wari’y isang hudyat ang paglalabang iyon. Nang mga sandali iyon, sabay-sabay na nag-alsa at nakipaglaban ang mga Pilipino sa Sta. Mesa, Pandacan, Pateros, Taguig, Caloocan, Biak-na-Bato, San Francisco de Malabon, Kawit, at Cavite. Sa dakong hilaga naman ang mga Pilipino ng San Isidro, Nueva Ecija, Pampanga, at Tarlac ay nakipaghamok din. Sa Laguna, Batangas, at Cavite, ang mga Pilipino ay sumalakay sa mga garrison ng mga Español na parang nagitla sa mga pagsasalakay. Sa kasalukuyan binigyan ang walong lalawigan na nag-alsa laban sa mga Español ng tanda sa ating

pambansang watawat at ito ay ang walong sinag sa araw, sila ay sumisimbolo ng pagkatatag at pagkapanalo laban sa mga Español sa panahon ng rebolusyon.


Panuto: Sagutin ang mga katanungan tungkol sa nabasa. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.




Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Kumpletuhin ang dayagram. Isulat sa sagutang papel ang sagot.




3. Ang mga lalawigang ito ang sinasagisag ng walong sinag ng araw na nag alsang laban sa mga Español:



- a. _____
- b. _____
- c. _____
- d. _____
- e. _____
- f. _____
- g. _____
- h. _____

Gawain 2:

Sagutan ang mga hinahanap na datos sa Graphic Organizer.





Isaisip

Ang Sigaw sa Pugad Lawin ang naging hudyat ng himagsikan ng 1896. Inilunsad ang mga pagsalakay sa iba't ibang bahagi ng Kamaynilaan at karatig na lalawigan nito. Lumubha ang mga labanan sa pagitan ng mga Pilipino at Español kaya inilagay ng Gobernador-Heneral sa ilalim ng Batas Militar ang walong lalawigang nag-alsa laban sa Espanya. Ang mga ito ay ang Cavite, Maynila, Batangas, Laguna, Bulacan, Pampanga, Tarlac, at Nueva Ecija. Sa bandilang Pilipino, ang mga lalawigang ito ang sumasagisag ng walong sinag ng araw na makikita sa kasalukuyang watawat ng Pilipinas.



Isagawa

A. Ikaw ba ay nakaranas ng pagkimkim ng galit sa ibang tao? Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung ang pahayag ay dahilan sa pagkagalit ng isang tao at ekis (X) kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Binu-bully ka
2. Ikinahihiya ka
3. Pinapagalitan ka
4. Inaalagaan ka
5. Ninakawan ka

B. Basahin ang tanong at sagutin ito sa sagutang papel.

Anong mangyayari sa isang tao kung hindi niya mapigilan ang kanyang galit?



Tayahin

Panuto: Hanapin ang inilarawan ng mga salitang nasa Hanay A sa Hanay B. Isulat ang titik sa sagutang papel.

Hanay A

- _____ 1. Tandang Sora
- _____ 2. Ang pinunit ng mga katipunero
- _____ 3. Dito ginanap ang pulong sa pagtatag ng KKK
- _____ 4. Petsa ng hudyat ng himagsikan
- _____ 5. Ama ng Katipunan
- _____ 6. Ang petsa ng pagkatuklas sa samahang KKK
- _____ 7. Utak ng Katipunan
- _____ 8. Ikinulong ang mga napagkalamang katipunero
- _____ 9. Lakambini ng Katipunan
- _____ 10. Ang nagsiwalat sa samahan

Hanay B

- A. Andres Bonifacio
- B. 23 Agosto 1896
- C. Emilio Jacinto
- D. Teodoro Patiño
- E. Fort Santiago
- F. Balintawak, Caloocan
- G. Gregoria de Jesus
- H. Melchora Aquino
- I. 19 Agosto 1896
- J. Sedula



Karagdagang Gawain

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang tinutukoy sa sumusunod na pahayag. Piliin ang sagot mula sa mga salitang nasa loob ng kahon.

Melchora Aquino	Gregoria de Jesus	Josefa Rizal
Andres Bonifacio	Emilio Jacinto	

1. Kapatid ni Rizal
2. Asawa ni Andres Bonifacio; Lakambini ng Katipunan
3. Tagagamot ng mga katipunero; “Ina ng Rebolusyon”
4. Naging Utak ng Katipunan
5. Ang tagatago ng mga sulat ng Katipunan
6. Tinawag din na “Ina ng Himagsikan”
7. Ang naging “Ama ng Katipunan”
8. Kilala rin bilang “Ina ng Balintawak”
9. Nagtatatag ng lihim na Kilusang KKK
10. Ang namuno sa pagtatag ng lihim na kilusan na KKK

Aralin

2

Kumbensiyon sa Tejeros

Noong nakaraang aralin, iyong napag-alaman ang mga pangyayari na nagpa-alab sa damdamin ng mga katipunero upang simulan ang laban sa pagkamit ng kalayaan. Natutuhan mo din ang mga timeline ng himagsikan kung saan iyong naintindihan ang mga importanteng naganap sa kasaysayan.

Ngayon naman, tunghayan mo ang sumusunod na pangyayari pagkatapos ng mga labanan sa pagitan ng mga katipunero at mga Español. Ano kaya ang mga plano laban sa mga Español? Kailangan bang gumawa ang mga pinuno ng hakbang upang matapos ang labanan? Ano kaya ito? Ano kaya ang mga pangyayaring nagpasidhi sa mga pinuno ng himagsikan?

Alam mo ba ang mga kaganapan na nangyari na humantong sa pag-aalsa ng mga katipunero? Sa modyul na ito malalaman mo ang tunay na pangyayari na humantong sa pagkamatay ni Andres Bonifacio. Bago mo simulan bigyang diin ang mga layunin ng modyul na ito:

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang iyong;

1. masusuri ang mga pangyayari na naganap sa Kumbensiyon sa Tejeros;
2. makikilala si Heneral Emilio Aguinaldo at ang mga hakbang na ginawa niya sa pagkamit ng Kalayaan;
3. maisa-isa ang kaganapan sa buhay ni Andres Bonifacio; at
4. malalaman ang bunga ng makasaysayang kaganapan sa Kumbensiyon sa Tejeros.



Balikan

Natatandaan mo pa ba ang mga aralin natin tungkol sa makasaysayang pangyayari ng Sigaw sa Pugad Lawin? Subukin mong gawin ang pagsasanay.

Panuto: Sagutin ang mga katanungan at isulat sa sagutang papel.

1. Sa panahon ng Himagsikang 1896, isalaysay ang makabuluhang pangyayari sa Sigaw sa Pugad Lawin.
2. Bakit naging hudyat ng himagsikan ang pagpunit ng sedula ng mga katipunero?
3. Bakit kailangang wakasan ng mga katipunero ang pagsakop ng Espanya sa paraan ng himagsikan?



Tuklasin

Tingnan ang larawan ng Kumbensiyon sa Tejeros. Ano kaya ang mga pangyayaring naganap sa lugar na ito?



Suriin

Kumbensiyon sa Tejeros

Nang umalsa ang walong lalawigan kasama ang lahat ng mga lugar sa buong bansa ay lalong napalubha ang labanan sa Español at mga Pilipino. Sa gitna nito may namuong alitan laban sa pinuno ng Katipunan na si Andres Bonifacio at Heneral Emilio Aguinaldo. Dahil sa alitang ito, nagpatawag ng pulong ang mga rebolusyonaryo ng pulong upang palitan ang Katipunan ng Rebulosyonaryong Pamahalaan. Sa paghalal ng mga pinuno ng rebulosyonaryo nahalal si Andres Bonifacio bilang Direktor ng Interyor.

Ayon kay Tirona, kailangang abogado ang dapat mahalal bilang Direktor ng Interyor. Nagdamdam at nainsulto si Bonifacio sa pagtutol ni Tirona, lalo pa't napagkasunduan sa una pa lamang na igagalang ng lahat ang resulta ng halalan. Dahil dito, idineklara ni Bonifacio na walang bisa ang halalan na iyon. Kinabukasan matapos ang insidenteng ito, ipinalabas ni Bonifacio ang Acta de Tejeros kung saan iniisa-isa niya ang mga dahilan kung bakit pinawalang bisa niya ang resulta ng halalan. Mula sa Naic, Cavite, ipinalabas niya ang ikalawang dokumento kung saan ipinahayag ang pagtatatag ng isa pang rebolusyonaryong pamahalaan na hiwalay at kaiba sa naitatag sa Tejeros.

Nalaman ni Aguinaldo ang ginawa ni Bonifacio sa pangambang magiging mabigat ang epekto nito sa pagtataguyod ng Himagsikan. Nagpadala siya ng delegasyon upang himukin si Bonifacio na makipagtulungan sa bagong tatag na rebolusyonaryong pamahalaan, subalit tahasan itong tinanggihan ni Bonifacio. Dahil dito, kinasuhan siyang taksil at isang malaking panganib sa interes ng rebolusyonaryong pamahalaan ni Aguinaldo.

Iniutos ni Aguinaldo na dakpin si Bonifacio. Dinakip siya ng mga tauhan ni Aguinaldo, sa pangunguna ni Agapito Bonzon, sa Barrio Limbon, Indang, Cavite noong 28 Abril 1897. Isinailalim sa paglilitis si Bonifacio, kasama ang kaniyang kapatid na si Procopio. Hinatulan ang magkapatid ng parusang kamatayan sa salang sedisyon at pagtataksil, kahit walang nakitang ebidensiya laban sa dalawa noong 6 Mayo 1897. Iginawad ang parusang ito sa magkapatid noong 10 Mayo 1897 sa Cavite.

Samantala nagpalipat-lipat si Aguinaldo ng lugar matapos na matalo sa mga labanan sa mga Bayan ng Cavite tulad ng Mendez, Nuñez, Alfonso, Maragondon, Bailen, at Magallanes. Nakarating siya sa Biak-na-Bato sa San Miguel de Mayumo, Bulacan kung saan sila nagkampo at doon ipinagpatuloy ang kaniyang pakikipaglaban laban sa mga Español.

Handa ka na ba? Sa mga kaganapang nabasa sa pagsimula ng pulong hanggang sa sumunod na pangyayari, alamin mo ang kaganapan sa buhay ni Andres Bonifacio. Simulan mo na.

Panuto: Isa-isahin ang mga kaganapang sa buhay ni Andres Bonifacio sa pamamagitan ng pagpili sa loob ng kahon ng mga sagot. Gumawa ng sariling tsart. Tularan ang nasa kabilang pahina.


- a. Walang pagkakasunduan sa panig ni Bonifacio at Emilio Aguinaldo.
- b. Ipinahayag ang pagkatatag ng rebolusyonaryong pamahalaan sa pulong sa Tejeros.
- c. Ipinautos ni Emilio Aguinaldo na dakpin si Andres Bonifacio.
- d. Napasailalim sa paglilitis si Andres Bonifacio pati ang kaniyang kapatid na si Procopio Bonifacio.
- e. Iginawad ang parusang kamatayan sa magkapatid na Andres Bonifacio at Procopio Bonifacio.
- f. Nagdamdam at nainsulto si Bonifacio sa pagtutol ni Daniel Tirona.
- g. Nalaman ni Aguinaldo ang ginawa ni Bonifacio, na pag-alis sa pulong na walang pahintulot.
- h. Nahalal bilang Direktor ng Interyor si Andres Bonifacio

Kaganapan sa Buhay ni Andres Bonifacio	
Pagpupulong sa Kumbensiyon sa Tejeros	Pagkatapos ng Pagpupulong sa Kumbensiyon sa Tejeros
1	1
2	2
3	3
4	4

Sa gitna ng paghihimagsik ng mga Pilipino, may nabuo namang alitan sa pagitan ng mga namuno rito, pangunahin na sa pagitan ng pangkat ni Andres Bonifacio at ng pangkat ni Emilio Aguinaldo.

Noong 22 ng Marso 1897, ipinahayag ang pagkakatatag ng rebolusyunaryong pamahalaan sa pulong ng mga rebolusyonaryo sa Tejeros, San Francisco de Malabon sa Cavite. Ang pamahalaang rebolusyonaryong ito ang pumalit sa Katipunan sa pagtataguyod ng himagsikan. Nahalal bilang pangulo ng Rebolusyonaryong Pamahalaan ng Malolos si Emilio Aguinaldo. Ang iba pang nahalal na mga opisyal nito ay sina Mariano Trias, bilang pangalawang pangulo; Artemio Ricarte, Kapitan Heneral; Emilio Riego de Dios, Direktor ng Digmaan; at Andres Bonifacio, Direktor ng Interyor.

Tumutol sa pagkahalal kay Bonifacio si Daniel Tirona. Ayon kay Tirona kailangang abogado ang mahalal bilang Direktor ng Interyor. Nagdamdam at nainsulto si Bonifacio sa pagtutol ni Tirona kaya nilisan ni Bonifacio ang kapulungan at umalis ng walang paalam sa sama ng loob lalo pa't napagkasunduan sa una pa lamang na igagalang ng lahat ang resulta ng halalan. Dahil dito idineklara ni Bonifacio na walang bisa ang resulta ng halalang iyon.



Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang patlang kung ang isinasaad ng pangungusap ay tama at ekis (X) kung mali. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Ang pagtutol sa pagkahalal ni Andres Bonifacio ay naging sanhi ng pagpalabas ni Bonifacio ng Acta de Tejeros.
2. Ang Acta de Tejeros ay mga nakalistang kadahilanan kung bakit pinawalang-bisa ni Bonifacio ang resulta ng halalan.

3. Ang nabuong alitan sa panahon ng himagsikan ay nasa pagitan ni Daniel Tirona at Andres Bonifacio.
4. Ang anim na lalawigan na nag alsa laban sa Espanya ay sumasagisag sa sinag ng araw sa watawat.
5. Noong 21 Marso, 1897 ay ipinahayag ng rebolusyonaryong pamahalaan sa pulong ng mga rebulosityonaryo sa Tejeros, sa San Francisco sa Malabon sa Cavite ang kanilang hinaing.

Gawain 2

Panuto: Sagutin ang katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Bakit nagdamdam ng husto si Bonifacio sa pagtutol ni Tirona na siya ang maging Direktor ng Interyor?
2. Ano ang ginawa ni Bonifacio upang tugunan ang ginawa sa kanya ni Daniel Tirona?
3. Bakit nangamba si Aguinaldo sa ginawa ni Bonifacio?
4. Bakit tumutol sa Daniel Tirona sa pagkahalal kay Andres Bomifacio?
5. Ano ang naging epekto ng kaganapan sa pulong sa Tejeros?



Isaisip

Sinakop ng Espanya ang Pilipinas ng mahigit sa 300 taon at malaki ang naging impluwensiya nito sa politika, kabuhayan, lipunan, kultura, at relihiyon ng mga Pilipino.

Naging magulo sa huli ang Katipunan dahil sa hindi pagkakaunawaan ng mga lider ng kilusan. Nang malaman ni Aguinaldo ang ginawa ni Bonifacio at nangamba siyang magiging mabigat ang epekto nito sa pagtataguyod ng himagsikan, nagpadala siya ng delegasyon upang himukin si Bonifacio na makipagtulungan sa bagong tatag na pamahalaan. Subalit tahasan itong tinanggihan ni Bonifacio, dahil dito, kinasuhan siyang taksil at isang malaking panganib sa interes ng rebolusyonaryong pamahalaan ni Aguinaldo.



Isagawa

Gawin ang tsart upang maipakita mo ang kadahilanan ng mga kaganapan sa pagkamit ang kalayaan laban sa mga Español.

Panuto: Isulat ang bunga ng mga sanhing nakasulat. Hanapin sa kahon ang sagot.
Isulat sa sagutang papel.

Sanhi		Bunga
1. Matapos matuklasan ng mga Español ang Katipunan.	➔	
2. Lumubha ang mga labanan sa pagitan ng Pilipino at Español.	➔	
3. Tumutol sa pagkahalal ni Bonifacio si Daniel Tirona.	➔	
4. Dahil sa pagdamdam at pang-insulo ni Tirona	➔	
5. Ipinailalim sa paglilitis si Andres at Procopio Bonifacio	➔	

- Nagkita-kita ang mga katipunero sa pugad lawin.
- Ideneklara ni Bonifacio na walang bisa ang halalan.
- Iginawad ang parusang kamatayan sa kanila noong 10 Mayo 1897.
- Napailalim sa batas-militar ang walong lalawigang nag-alsa.
- Nagdamdam at nainsulto si Bonifacio.



Tayahin

Panuto: Basahin ang pangungusap at isulat ang **Tama** kung nagsasaad ng katotohanan ito at **Mali** kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Tumutol sa pagkahalal kay Bonifacio si Daniel Tirona.
2. Noong 22 Marso 1896, ipinahayag ang pagkatatag ng rebolusyonaryong pamahalaan.
3. Matapos ang insidenteng pagtutol, ipinalabas ni Aguinaldo ang Acta de Tejeros kung saan inisa-isa niya ang mga dahilan upang ipawalang bisa ang halalan.
4. Mula sa San Francisco de Malabon, ipinalabas ni Andres Bonifacio ang ikalawang dokumento kung saan ipinapahayag ang pagtatatag pa ng isang rebolusyonaryong pamahalaan.
5. Dahil sa pangambang maging mabigat ang epekto ng alitan sa panig ni Andres Bonifacio sa pagtaguyod ng himagsikan nagpawalang kibo na lamang si Aguinaldo.



Karagdagang Gawain

Panuto: Isulat ang tsek (✓) kung ang isinasaad ng pangungusap ay tama at ekis (X) kung mali. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Nahalal bilang pangulo ng rebolusyonaryong pamahalaan si Andres Bonifacio.
2. Ang himagsikang 1896 ay ang pag alsa ng mga katipunero laban sa mapang-aping Español.
3. Ang Sigaw sa Pugad Lawin ay ang hudyat ng himagsikan laban sa mga Español.
4. Ang nahalal na Direktor ng Digmaan sa Tejeros ay si Emilio Jacinto.
5. Nagdamdam at nainsulto si Bonifacio sa pagtutol ni Daniel Tirona.

Aralin

3

Kasunduan sa Biak-na-Bato

Ang ating mga mahal na bayani, ay nagbuwis ng buhay upang ipahayag ang kanilang pagka-Pilipino, pagmamahal sa bayan, at pagpakita ng tapang, ang mga pangyayaring napag-alaman mo sa na nakaraang modyul, Ito ay patungkol sa mga kaganapan sa pagkamit ng kalayaan ng mga katipunero. Ang mga pangyayari sa Sigaw sa Pugad Lawin, Kumbensiyon sa Tejeros, ay mga pangyayaring nagpakita ng katapangan sa paggawa ng mga plano upang mapaalis ng tuluyan ang mga Español.

Handa ka na bang simulan ang susunod na pangyayari? Alamin mo muna ang mga layuning gusting maabot ng modyul na ito.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang iyong;

1. masusuri ang mga pangyayari na naganap na humantong sa Kasunduan sa Biak-na-Bato;
2. naipaliwanag kung bakit naging mapayapa ng panandalian ang bansa sa pagtatag ng Kasundaan sa Biak-na-Bato; at
3. naisa-isa ang kontribusyon ng mga bayani na nagbahagi sa pakikipaglaban sa mga Español.



Balikan

Natatandaan mo ba ang aralin natin tungkol sa Kumbensiyon sa Tejeros? Subukin mong gawin ang pagsasanay na ito!

Panuto: Ibigay ang salitang tinutukoy ng bawat bilang patungkol sa nakaraang modyul sa Kumbensiyon sa Tejeros. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Isinailalim sa paglilitis si Bonifacio at Procopio Bonifacio sa lugar na ito.
2. Petsa ng paghatol kay Bonifacio at Procopio ng parusang kamatayan.
3. Ang isinigaw ng mga Katipunero, habang pinupunit ang mga sedula.
4. Lugar kung saan ginanap ang pulong ng mga rebolusyonaryo matapos mabulgar ang katipunan.
5. Nahalal bilang pangulo ng Kumbensiyon sa Tejeros.
6. Nahalal bilang Pangalawang Pangulo sa Kumbensiyon sa Tejeros.
7. Nahalal bilang Kapitan-Heneral sa Kumbensiyon sa Tejeros.
8. Ipinalabas ni Bonifacio kung saan inisa-isa niya ang mga dahilan kung bakit pinawalang-bisa niya ang resulta ng halalan.
9. Nahalal na Direktor ng Digmaan.
10. Nahalal na Direktor ng Interyor.



Tuklasin

Basahin ang tula na isinulat ni Mitzel M. Alvaran.

Bayani sa Puso at Gawa

Bayaning tinuringang, nagpakita ng kamalayan,
Sa mga likas na katauhan, sila ay isinilang,
Dugo, pawis at karunungan, sama-samang nilinang,
Sa pagpayo, pagdamdam lubos na katarungan.

Bumuhos ang tapang pati ang kababaihan,
Mga Katipunero ay kusang lumaban,
Sa pagtatag ng Katipunan, kahit ito ay natuligsa man,
Minsan ay may kaguluhan sa pamumuno ay nagdamdam.

Lakas loob pa rin sinuportahan, pasakit at luha,
Sa pagkawala ni Andres Bonifacio tuluyang pasan,
Ngunit patuloy rin naman si Emilio Aguinaldo,
Na ilagay sa tamang kahantungan ang bayan.

Pilipinas, bansang malaya, kasarinlan nakuha,
Gat Jose Rizal, siya ang nagpasimula,
Malaya na, malaya na, itong bansang dakila,
Panatag ang loob, dahil sa mga bayaning hanga.

Panuto: Sagutin ang katanungan batay sa tulang nabasa.

1. Sa tulang nabasa, ano-ano ang ipinakitang kagalingan nang mga bayani natin?
2. Sino ang mga bayaning nagbuwis ng buhay sa panahon ng himagsikan?
3. Sino ang mga babaeng tumulong upang maging matagumpay ang KKK?
4. Ayon sa tula, si Gat Jose Rizal ay siyang nagpasimuno ng paghihimagsik. Sa anong paraan niya ito ginawa?
5. Paano naipakita ng mga bayani ang kanilang pagmamahal sa bayan?



Biak-na-Bato

Kaganapan sa Biak-na-Bato

Pinulong ni Aguinaldo ang kaniyang mga pinuno upang bumuo ng isang Saligang Batas. Sina Isabelo Artacho at Felix Ferrer ang sumulat ng Saligang Batas na pinagtibay noong 1 Nobyembre 1897.

Pagkatapos mapagtibay at maipahayag ang Saligang Batas, itinatag ang Republika ng Biak-na-Bato. Ang mga nahalal na opisyal ay sina Emilio Aguinaldo bilang Pangulo; Mariano Trias, Pangalawang Pangulo; Antonio Montenegro, Kalihim ng Ugnayang Panlabas; Baldomero Aguinaldo, Kalihim ng Pananalapi; Emiliano Riego de Dios, Kalihim Pandigma, at Isabelo Artacho, Kalihim ng Interyor.

Habang patuloy ang mga labanan, nagpasiya si Pedro Paterno, isang mestizong Pilipino, na mamagitan upang mahinto na ang digmaan. Sa pamamagitan ni Paterno, nabuo ang Kasunduan sa Biak-na-Bato. Lumagda sa Kasunduan sina Paterno bilang kinatawan ng mga rebolusyonaryo at si Gobernador-Heneral Fernando primo de Rivera noong 14 at 15 Disyembre 1897.

Ilan sa mga probisyon ng Kasunduan sa Biak-na-Bato:

1. Pagtigil ng mga pinunong rebolusyonaryo sa labanan at maninirahan sila sa Hong Kong.
2. Lubusang kapatawaran sa lahat ng rebolusyonaryo at pagsuko ng kanilang mga sandata.
3. Pagkakaloob ng Espanya ng halagang Php1,700,000 bilang kabayaran sa mga rebolusyonaryo at mga pamilya nito.

Pansamantalang umiral ang kapayapaan dulot ng Kasunduan sa Biak na Bato. Nagtungo sa Hong Kong si Aguinaldo at ang ilang pinuno ng kilusan. Ngunit ipinagpatuloy rin niya ang pamahalaang rebolusyonaryo. Hindi tinupad ng Espanya ang pangakong pagbabayad sa mga Pilipino ng Php1,700,000. Tanging Php 600,000 lamang ang ibinayad nito, Php 400, 000 kay Aguinaldo at Php 200,000 sa mga kawal. Maraming Pilipino ang pinarusahan at walang repormang ipinatupad sa kolonya.

Hindi rin tumupad ang mga Pilipino sa kasundaan. Inihanda ni Aguinaldo ang salaping tinanggap para gamitin sa iba pang pakikipaglaban sa mga Español. Maraming kawal na Pilipino ang hindi nagsuko ng kanilang mga sandata. Samantala, nagpatuloy ang labanan sa Zambales, Ilocos Sur, Manila, Cebu, Bohol, Panay at sa ibang panig na lugar sa Mindanao.

Panuto: Ibigay ang kontribusyon ng mga bayaning naging bahagi ng pakikipaglaban sa mga Español.

Bayani	Kontribusyon
1. Isabelo Artacho	
2. Emilio Aguinaldo	
3. Felix Ferrer	
4. Gobernador-Heneral Fernando Primo de Rivera	
5. Antonio Montenegro	



Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Sagutin ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Isalaysay kung bakit naging mapayapa ang bansa dahil sa Kasunduan sa Biak-na-Bato?
2. Sa iyong palagay, ano ang layunin ng Republika ng Biak-na-Bato?
3. Isalaysay kung bakit hindi nahinto ang digmaan?
4. Ibigay ang ilan sa probisyon ng Kasunduan sa Biak-na-Bato.
5. Ano-ano ang pangakong hindi tinupad ng Espanya sa mga Pilipino.

Gawain 2

Panuto: Suriin at isulat sa sagutang papel kung **Tama** o **Mali** ang sinasabi ng bawat pangungusap.

1. Pagkatapos mapagtibay at maipahayag ang Saligang Batas, itinatag ang Republika ng Biak-na-Bato.
2. Sa pamamagitan ni Antonio Montenegro nabuo ang kasunduan sa Biak-na-Bato.
3. Lumagda sa kasunduan sina Paterno bilang kinatawan ng mga rebolusyonaryo at si Gobernador-Heneral Fernando Primo de Rivera.
4. Hindi tinupad ng Espanya ang pangakong pambabayad sa mga Pilipino ng Php1,600,000.
5. Inihanda ni Aguinaldo ang salaping tinanggap para gamitin sa iba pang pakikipaglaban sa mga Español.



Isaisip

Napag-aralan mo ang pagbabago sa buhay ng mga rebolusyonaryong Pilipino dahil sa Kasunduan sa Biak-na-Bato. Buo ang loob ng mga pinunong Pilipino na pinamumunuan ni Heneral Emilio Aguinaldo ng lumagda sa kasunduan sina Pedro Paterno at si Gobernador-Heneral Fernando Primo de Rivera na pansamantalang iiral ang kapayapaan sa pagitan ng rebolusyonaryong Pilipino at Español.

Alin sa sumusunod na gawain ang nagpapakita ng diwang makabansa o makabayan? Isulat mo ang 😊 kung nagpapakita ng diwang makabayan at ☹ kung hindi. Gawin mo ito sa iyong kuwadernong sagutan.



Isagawa

Mga Gawain	😊	☹
1. Iginagalang ang watawat ng Pilipinas.		
2. Bumibili ng produkto na yari sa bansa.		
3. Ikinahihiya ang pagiging kaumanggi.		
4. Nakikilahok sa mga proyektong “Operasyon Linis”.		
5. Ipinagtatanggol ang sariling bansa.		



Tayahin


Panuto: Basahin ang bawat tanong at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ilan ang probisyon ng Kasunduan sa Biak-na-Bato ang ipinatupad ni Heneral Emilio Aguinaldo.
A. 2 B. 3 C. 4 D. 5
2. Kailan nilagdaan ni Pedro Paterno at Gobernador-Heneral Primo de Rivera ang kasunduan?
A. Disyembre 11-12, 1897 C. Disyembre 17-18, 1897
B. Disyembre 14-15, 1897 D. Disyembre 19-20, 1897
3. Sino ang sumulat ng Saligang Batas na ipinagtibay noong Nobyembre 1, 1897?
A. Isabelo Artache C. Fernando Primo de Rivera
B. Pedro Paterno D. Emilio Aguinaldo
4. Matapos mapagtibay at maipahayag ang Saligang Batas itinatag ang _____.
A. Pamahalaang Komonwelt C. Republika ng Biak-na-Bato
B. Pamahalaang Rebolusyonaryo D. Misyong Pangkalayaan
5. Saan nagtungo si Aguinaldo at ilang pinuno ng kilusan pagkatapos mapairal ang kasunduan na pansamantalang nagdulot ng kapayapaan?
A. Tsina C. Estados Unidos
B. Hong Kong D. Hapon
6. Magkano ang halaga na pinangako ng Espanya na ibigay sa Pilipinas upang mahinto ang labanan?
A. Php1,500,000 C. Php1,700,000
B. Php1,600,000 D. Php1,800,000
7. Sino ang namagitan upang huminto ang labanan?
A. Emilio Aguinaldo C. Daniel Tirona
B. Pedro Paterno D. Andres Bonifacio
8. Magkano lamang ang ibinayad ng Espanya sa mga Pilipino na naging dahilan ng hindi pagsunod ng mga Pilipino sa Kasunduan?
A. Php 200,000 C. Php 600,000
B. Php 400,000 D. Php 800,000
9. Ano ang ginawa ng mga Pilipino sa hindi pagtupad sa kasunduan sa Espanya?
A. Nagpakumbaba na lamang
B. Hindi pagbalik ng mga armas sa Espanya
C. Hindi pagbayad ng Php1,700,000
D. Hindi pagbayad ng Php1,500,000
10. Kailan ipinagtibay ang Saligang Batas?
A. Nobyembre 1, 1897 C. Nobyembre 3, 1897
B. Nobyembre 2, 1897 D. Nobyembre 4, 1897



Karagdagang Gawain

Panuto: Tingnan ang grapikong organiser at pag-aralan ang mga kaganapan sa Kasunduan sa Biak-na-Bato. Sagutan ang mga katanungan sa ibaba.



Handa kana ba? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano-anong bansa ang nagkasundo upang tuluyang matigil ang rebolusyonaryong paghihimagsik?
2. Ano ang napagkasunduan sa Kasunduan sa Biak-na-Bato na ipagkaloob ng mga Español bilang kabayaran sa mga rebolusyonaryo at mga pamilya nito?
3. Ano kaya ang nangyari nang hindi pagsunod ng dalawang panig sa kasunduan?
4. Ano naman ang ipinangako ng mga rebolusyonaryo na kabayaran sa ibibigay na pera ng mga Español?
5. Nagtagumpay ba ang kasunduan? Oo o Hindi? Bakit?

25



Susi sa Pagwawasto: Aralin 2

Balikan				
<p>1. Matapos matuklasan ng mga Español ang lihim na kilusan ng katipunan, nagkasundo ang mga katipunero na sisimulan ang himagsikan at sabay-sabay nilang inilabas ang kanilang mga sedula at sumigaw ng "Mabuhay ang Pilipinas!"</p> <p>2. Buo ang kanilang loob na labanan ang mga Español.</p> <p>3. Upang maging malaya na ang bansa sa pang-aapi.</p>				
Tuklasin				
<p><i>Pagpupulong sa Kumbensiyon sa Tejeros</i></p> <p>1. Ipinahayag ang pagkakatag ng rebolusyonaryong pamahalaan sa pulong sa Tejeros</p> <p>2. Nagdarmdam at nainsulto si Bonifacio sa pagtutol ni Daniel Tirona.</p> <p>3. Nalaman ni Aguinaldo ang ginawa ni Bonifacio, na pag-alis sa pulong na walang pahintulot.</p> <p>4. Nahalal bilang Direktor mg Digmaan si Andres Bonifacio.</p> <p><i>Pagkatapos ng Pagpupulong sa Kumbensiyon sa Tejeros</i></p> <p>1. Walang pagkakasunduan sa panig ni Bonifacio at Emilio Aguinaldo.</p> <p>2. Ipinautos ni Emilio Jacinto na dakpin si Andres Bonifacio.</p> <p>3. Napasailalim sa paglilitis si Andres Bonifacio pati ang kanyang kapatid na si Procopio Bonifacio.</p> <p>4. Iginawad ang parusang kamatayan sa magkapatid na Andres Bonifacio at Procopio Bonifacio.</p>				
Pagyamanin				
<p>Gawain 1</p> <p>1. ✓ 2. ✓ 3. ✓ 4. X (walo) 5. X (Marso 22, 1897)</p>				
Isagawa				
<p>1. 1 2. 4 3. 5 4. 2 5. 3</p>				
Tayahin				
<p>1. Tama 2. Tama 3. Mali 4. Tama 5. Mali</p>				
Karagdagang Gawain				
<p>1. X 2. ✓ 3. ✓ 4. X 5. ✓</p>				
Gawain 2				
<p>1. Dahil sa pagtutol at pagsalita ng masama ni Daniel Tirona kay Andres Bonifacio.</p> <p>2. Gumawa ng kasulatan na ipinawalang-bisa ang halalang naganap.</p> <p>3. Sa pangambang naging mabigat ang epekto ng ginawa ni Bonifacio sa pagtataguyod ng himagsikan.</p> <p>4. Kailangang abogado ang nahalal na Direktor ng Interyor at hindi ang isang taong walang pinag-aralan.</p> <p>5. Nahatulan ng kamatayan si Andres Bonifacio at Procopio Bonifacio.</p>				



Susi sa Pagwawasto: Aralin 3

<p>Balikan</p> <ol style="list-style-type: none"> Barrio Imbon, Indang, Cavite Mayo 10.1897 Mabuhay ang Pilipinas Kumbensiyon sa Tejeros, San Francisco, Malabon Emilio Aguinaldo Mariano Trias Artemio Ricarte Acta de Tejeros Emilio Regio de Dios Andres Bonifacio 	<p>Tuklasin</p> <ol style="list-style-type: none"> Katapangan, Pagmamahal sa Bayan at Pagkakaisa Andres Bonifacio, Emilio Jacinto Gregoria de Jesus, Josefa Rizal Melchora Aquino, Marcela Agoncillo Sa pagsusulat naipahayag niya ang mga kasamaan ng mga Español. Sa pakikipaglaban upang makamit ang kalayaan. 	<p>Surin</p> <ol style="list-style-type: none"> Sumulat ng Saligang Batas Naging pangulo ng Republika ng Pilipinas Sumulat ng Saligang Batas Lumagda ng Kasunduan Naging pangalawang pangulo 	<p>Karagdagang Gawain</p> <ol style="list-style-type: none"> Espanya at Pilipinas Pagkakaloob ng Espanya ng halagang 1,700,000 bilang kabayaran sa mga rebolusyonaryo at pamilya nito. Nagpatuloy ang labanan sa pagitan ng mga Español at Pilipino Pagtigil ng mga pinunong rebolusyonaryo at nanirahan sa Hongkong. Hindi, dahil hindi tumupad ang Español sa kasunduan gayundin ang mga Pilipino. 	<p>Isagawa</p> <ol style="list-style-type: none"> ☺ ☺ ☹ ☺ ☹ 	<p>Pagpamamali</p> <ol style="list-style-type: none"> Dahil sa Saligang Batas at mga Probisyon na ginawa nagkasundo ang mga Español at mga Pilipino na itigil ang labanan. Kapayapaan at Pagbabago sa Pamumuno Dahil sa hindi pagtupad ng Español at mga Pilipino sa kasunduan. Patigil ng mga pinunong rebolusyonaryo sa labanan at maninirahan sila sa Hong Kong. Lubusang kapatatwiran sa lahat ng rebolusyonaryo at pagtuklo ng kanilang mga sandata. Pagkakaloob ng Espanya ng halagang P1,700,000 bilang kabayaran sa mga rebolusyonaryo at mga pamilya nito. pagbabayad ng 1,700,000 pesos mararaming Pilipino ang pinarusahan walang repormang ipinatupad 	<p>Gawain 2</p> <ol style="list-style-type: none"> Tama Mali (Pedro Paterno) Tama Mali (P1,700,000) Tama
--	--	--	--	---	---	--

Sanggunian

Alvenia P. Palu-ay. *Makabayan Kasaysayang Pilipino 5*: Quezon City: LG & M Corporation, 2010, 112-118.

Juan Alvin B. Tiamson. *Pilipinas Serye ng Heograpiya, Kasaysayan, at Sibika*: Sampaloc, St.: Augustine Publications, Inc., 2009, 180-185.

Rosario M. Santiago, et. al. *Pilipinas Perlas ng Silanganan 6*: Manila: Innovative Educational Materials, Inc. 2002, 252-257.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph